

MGA BAKUNA LABAN SA TIGDAS BIKI AT RUBELLA

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

1

Bakit kailangang magpabakuna?

Ang tigdás, biki, at rubella ay malulubhang sakit.

Tigdás

- Ang virus ng tigdás ay nagiging sanhi ng singaw (butlig-butlig), ubo, tumutulong ilong, pangangati ng mata, at lagnat.
- Ito ay maaaring humantong sa impeksiyon ng tainga, pulmunya, sumpong (pag-alog at pagtitig), pinsala sa utak, at kamatayan.

Biki

- Ang virus ng biki ay nagiging sanhi ng lagnat, sakit ng ulo, at pamamaga ng mga glandula.
- Ito ay maaaring humantong sa pagkabingi, meningitis (impeksiyon ng utak at balot ng gulugod), masakit na pamamaga ng testikulo o obaryo, at, bihira naman, sa kamatayan.

Rubella (Tigdás na Aleman)

- Ang virus ng rubella ay nagiging sanhi ng singaw (butlig-butlig), mababang lagnat, at arthritis (karamihan ay sa mga babae).
- Kung ang isang babae ay magkaroon ng rubella habang siya ay buntis, maaaring malaglag ang kanyang dinadala o ang kanyang sanggol ay maaaring ipanganak na may malubhang depekto.

Kayo o ang inyong anak ay maaaring mahawa ng mga sakit na ito sa pamamagitan ng paglapit sa isang nagtataglay ng mga ito. Kumakalat ito mula sa isang tao tungo sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin.

Ang bakuna laban sa (tigdás, biki, at rubella) measles, mumps, at rubella (MMR) ay maaaring makapigil sa mga sakit na ito.

Karamihan sa mga batang binigyan ng bakuna laban sa MMR ay hindi magkakaroon ng mga sakit na ito. Marami pang bata ang magkakaroon ng mga ito kung titigil tayo sa pagbakuna.

2

Sino ang dapat bigyan ng bakuna laban sa MMR at kailan?

Ang mga bata ay dapat bigyan ng 2 dosis ng bakuna laban sa MMR:

- ✓ Ang una kapag **12-15 buwan ang edad**
- ✓ ang pangalawa kapag **4-6 taon ang edad**.

MMR VIS - Tagalog (1/15/03)

Ang mga ito ang inirekomendang edad. Pero ang mga bata ay maaaring makakuha ng ikalawang dosis anuman ang edad, kailangan lamang na hindi kukulangin sa 28 araw ang nakalipas pagkaraan ng unang dosis.

May mga **matanda** na dapat ding bigyan ng bakuna laban sa MMR: Pangkaraniwan, sinumang 18 taon ang edad o mas matanda, na ipinanganak pagkaraan ng 1956, ay dapat bigyan ng hindi kukulangin sa isang dosis ng bakuna laban sa MMR, maliban kung mapapatunayan nila na nabigyan na sila ng mga bakuna o nagkaroon na ng mga sakit na ito.

Magtanong sa inyong doktor o nars para sa karagdagang impormasyon.

Ang bakuna laban sa MMR ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

3

May mga tao na hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa MMR o dapat maghintay

- Hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa MMR ang mga taong nanganib na ang buhay dahil sa reaksiyong alerhiya sa **gelatin**, sa antibiotic na **neomycin**, o sa **naunang dosis ng bakuna laban sa MMR**.
- Ang mga tao na may kainaman o malubhang karamdaman sa oras na nakaiskedyul ang bakuna ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa gumaling bago bigyan ng bakuna laban sa MMR.
- Ang mga buntis ay dapat maghintay na makapanganak muna bago sila bigyan ng bakuna laban sa MMR. Dapat iwasan ng mga babae na mabuntis sa 4 na linggo pagkaraang tumanggap ng bakunang MMR.
- May mga taong kailangan munang magtanong sa kanilang doktor kung sila ay dapat bigyan ng bakuna laban sa MMR, kabilang ang sinuman na:
 - May HIV/AIDS, o ibang sakit na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit
 - Ginagamot ng mga droga na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit, tulad ng mga steroid, nang 2 linggo o mas matagal pa
 - May anumang uri ng kanser
 - Ginagamitan ng mga eksrey at droga upang gamutin ang kanser
 - Nagkaroon na ng mababang bilang ng platelet (isang karamdaman sa dugo)

Sa likod...

- Ang mga taong kamakailan ay sinalinan ng dugo o binigyan ng ibang produktong dugo ay dapat magtanong sa kanilang doktor kung kailan sila maaaring bigyan ng bakuna laban sa MMR

Magtanong sa inyong doktor o nars para sa karagdagang impormasyon.

4

Ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa MMR?

Ang bakuna, tulad ng ibang gamot, ay maaaring maging sanhi ng mabibigat na problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya. Napakaliit ng panganib na ang bakuna laban sa MMR ay maging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan.

Mas ligtas na tumanggap ng bakuna laban sa MMR kaysa magkaroon ng alinman sa tatlong sakit na ito.

Karamihan sa mga taong tumanggap ng bakuna laban sa MMR ay hindi nagkaroon ng anumang problema rito.

Magagaan na Problema

- Lagnat (maaaring 1 tao sa 6)
 - Kaunting singaw (mga 1 tao sa 20)
 - Pamamaga ng glandula sa mga pisngi o leeg (bihira)
- Kung may ganitong problema, karaniwang nangyayari ang mga ito sa loob ng 7-12 araw pagkatapos ng pagbakuna. Bihirang mangyari ang mga ito pagkatapos ng ikalawang dosis.

Mga Kainamang Problema

- Sumpong (pag-alog o pagtitig) sanhi ng lagnat (mga 1 sa 3,000 dosis)
- Pansamantalang kirot at paninigas ng mga kasukasan, karamihan ay sa mga tinedyer o matandang babae (maaaring 1 sa 4)
- Pansamantalang mababang bilang ng platelet, na maaaring maging sanhi ng karamdamang pagdugo (mga 1 sa 30,000 dosis)

Mabibigat na problema (Bihirang-bihira)

- Malubhang reaksiyong alerhiya (kulang sa 1 sa isang milyong dosis)
- Maraming iba pang problema ang alam na nagaganap pagkatapos tumanggap ang bata ng bakuna laban sa MMR. Pero bihira itong mangyari, ang mga eksperto ay hindi nakakasiguro kung ang bakuna ang dahilan nito o hindi. Kabilang dito ang:
 - Pagkabingi
 - Pangmatagalang sumpong, kawalang-malay, o mababang kamalayan
 - Permanenteng pinsala sa utak

5

Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong tingnan?

Anumang hindi pagkaraniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat o pagbabago ng ugali. Sa mga tanda ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring

kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o pagsingasing, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbakuna. Ang mataas na lagnat o sumpong, kung mangyari, ay magaganap 1 o 2 linggo pagkatapos ng pagbakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor, o dalhin kaagad ang may-sakit sa doktor.
- Sabihin sa inyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa inyong doktor, nars, o kagawaran ng kalusugan na magharap ng porma ng Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). O kayo mismo ang tumawag sa VAERS sa 1-800-822-7967 o bisitahin ang kanilang website sa <http://www.vaers.org>.

6

Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna

Sa bihirang pagkakataon na kayo o ang inyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang tulungan kayong bayaran ang pangangalaga sa mga napinsala.

Para sa mga detalye tungkol sa (Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna) National Vaccine Injury Compensation Program, tumawag sa 1-800-338-2382 o bisitahin ang website ng programa sa <http://www.hrsa.gov/osp/vicp>

7

Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Magtanong sa inyong doktor o nars. Maaari silang magbigay ng paketeng paningit tungkol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Kontakin ang (Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit) Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Call 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)
 - Bisitahin ang website ng (Pambansang Programang Imyunisasyon) National Immunization Program sa <http://www.cdc.gov/nip>



U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
National Immunization Program

Vaccine Information Statement

MMR IMM-375ML Tagalog (1/15/03)

42 U.S.C. § 300aa-26

Translated by Transcend Translations, Davis, CA